




Noong 2016, tuluyan na rin ngang nailibing si Ferdinand Marcos sa Libingan ng mga Bayani. Marami sa mga mamamayan ang nagulantang at nagalit. Nagsimula rin ang pagmartsa ng ilang kabataan patungo sa dadaanan ng motorcade upang maisaboses ang kanilang pagkadismaya sa naging desisyon ng pamahalaan na pahintulutan ang isang diktador at magnanakaw na mailibing sa dambana ng martir at mga bayaning nakipaglaban para sa kasarinlan ng ating bansa. Ilan sa mga naging sigaw ng sambayanan ay ang “Never Again” – hindi na nga tayo papayag na muling maranasan ng ating bansa ang paninikil at ang paglabag sa karapatang pantao. Subalit matapos ang insidenteng paglilibing sa diktadura, ramdam rin ang pagbabago ng lipunan hinggil sa pag-unawa at pagbasa sa kasaysayan.

Karamihan sa mga nakimartsa at naglabas ng sama ng loob noong araw mismo ng paglibing ay mga mag-aaral sa elementarya hanggang kolehiyo. Naaalala ko pa ang paglabas ng isang larawan sa social media – mga larawan ng mga kabataang babae mula sa isang all-girl school na nagprotesta laban sa diktadura at magnanakaw. Bagama’t marami ang natuwa sa kagitingan at katapangang ipinalamas ng mga kabataan, mas nangibabaw sa social media ang batikos ng karamihan. Ani ng ilan, “sayang ang pinambabayad ng mga magulang ninyo.” Ang mas tumatak sa akin noon ay ang batikos na “naranasan niyo ba ang Martial Law? Bakit kayo nagpoprotesta?” Ito din ang madalas gamitin ng mga nasa administrasyon laban sa mga bumabatikos sa mga desisyon nito hinggil sa usapin ng Martial Law.

Hindi ko rin naranasan ang Martial Law, sampung taon ang tanda nito sa akin. Pero batid ko, base na rin sa datos, nangyari ito. Base na rin sa datos, mulat din ako na marami sa ating mga kababayan ang naging biktima nito. Base na rin sa datos, hindi maikakaila na marami sa ating mga kilala, mga kaibigan, maaaring kamag-anak na hanggang ngayon ay hindi pa nakikita. Base na rin sa datos, bilyong-bilyong piso ang ninakaw ng diktador mula sa kaban ng bayan. Nakalantad naman na ang mga datos, pero mas pinili ng marami ang manatiling nakatakip ang mga mata dahil lamang sa panatisismo.

Ang isyung ito ng UPDate Diliman ay inaasahang maging panibagong datos upang malabanan ang tinatawag nating historical revisionism na produkto na rin ng panatisismo. Ang isyung ito ay isang pagkilala at paggunita sa kadakilaan ng mga estudyante na mula noon ay mulat sa mga kaganapan sa lipunan. Ang mga estudyante rin naman ang catalyst upang maipagpatuloy ang laban. Salamat sa First Quarter Storm at sa Diliman Commune at magpahanggang ngayon patuloy ang pakikibaka natin para sa karapatang pantao. Hindi man naabutan ng marami sa mga estudyante ngayon ang Martial Law, ang kanilang pakikibaka ay patunay na hangga’t may administrasyong mapang-api, hindi kailanman matatapos ang pakikibaka.


Sir Anril Pineda Tiatco
Editor